Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-10 NG ENERO 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 01-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT PAGKILALA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD KAY BB. RUBEE MARIE C. FAUSTINO PARA SA KARANGALANG KANIYANG NAKAMIT NANG SIYA AY KILALANIN BILANG BINIBINING BULACAN 2018 (REPUBLICA NG BARASOAIN) SA KATATAPOS NA GINOO AT BINIBINING BULACAN 2018.

AKDA NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS
ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, noong ika-3 ng Enero, taong kasalukuyan ay binigyan ng karangalan ang ating mahal na Lungsod ni Bb. Rubee Marie C. Faustino, para sa karangalang kaniyang nakamit nang siya ay kilalanin bilang Binibining Bulacan 2018 (Republica ng Barasoain) sa katatapos na Ginoo at Binibining Bulacan 2018 na ginanap sa Bulacan Capitol Gymnasium, Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, si Bb. Rubee Marie C. Faustino, Dalawampu't Tatlong taong gulang, tubong Barangay Matimbo, Lungsod ng Malolos ay ang kumatawan sa ating Lungsod sa nabanggit na kompetisyon;

SAPAGKAT, si Bb. Rubee Marie C. Faustino ay isang *part-time* na modelo at nakapagtapos ng kursong BS in Interdisciplinary Business Studies sa De La Salle University;

SAPAGKAT, sa kaniyang taglay na husay, talino, kagandahan at pagmamahal sa ating Lungsod ay nagsilbing daan upang siya ay magwagi at mangibabaw sa kaniyang mga katunggali;

SAPAGKAT, isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang pagtataguyod, pagtulong sa ikauunlad at paghihikayat na umasa sa sariling siyentipiko at teknolohikal na kakayanan ang bawat mamamayan, kaya't nararapat lang na bigyan ng pagkilala ang katangi-tanging husay, dedikasyon at kontribusyon na kaniyang ibinahagi;

Kung kaya't sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ipinapahayag ang taos-pusong pagbati at pagkilala ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad kay Bb. Rubee Marie C. Faustino para sa karangalang kaniyang nakamit nang siya ay kilalanin bilang Binibining Bulacan 2018 (Republica ng Barasoain) sa katatapos na Ginoo at Binibining Bulacan 2018.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. ALMA A. GATCHALIAN
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. YOLANDA B. AZADA
KASANGGUNI

KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.
KASANGGUNI

*KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

*DhorieTrogo(SDC2)*011119